DepEd Advisory No. 8, s. 2014
January 7, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA BINAGONG ORTOGRAPIYA
AT IKA-21 SIGLO NG FILIPINO

Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino, Rehiyon 13 (Caraga) ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar Worksyap sa Binagong Ortograpiya at Ika-21 Siglo ng Filipino* na may temang *Mga Makrong Kasanayan: Pagkakaisa ng Nagpapakadalubhasa sa Wika at Panitikan* na gaganapin sa Marso 5-7, 2014 sa Dotties Place, Lungsod ng Butuan.

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. maisapanahon ang kaalaman sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral;
2. makapaglinang, makapaghanda ng pananaliksik at mga kagamitang panturo;
3. maiangkop ang sining ng pantanghalan bilang lunsaran sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino at Panitikan; at
4. matalakay ang kasalukuyang mga pagbabagong nagaganap sa kurikulum ng edukasyon.

Ang panrehiyon at pansangay na tagamasid, tagapagugnay, tagapangulo at koordineytor ng departamento ng Filipino at lahat ng mga kaguruan at nagpapakadalubhasa sa wikang Filipino o mga estudyanteng nag-aaral ng kursong Filipino mula sa pampubliko at pribadong institusyon ay inaanyayahang dumalo sa seminar na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipagugnayan kay:

Bb. Didith Polo Brown
Direktor
Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino, Rehiyon 13 Caraga
Caraga State University
Ampayon, Lungsod ng Butuan
Telepono Blg.: (085) 342-4763
Mobile Phone Blg.: 0907-190-8494

Madel: Pambansang Seminar Worksyap sa Binagong Ortograpiya
1127-January 2, 2014/1-3